

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ang milestone ng Brampton na de-kuryenteng bus ay tatakbo na simula sa Mayo 4**

BRAMPTON, ON (Mayo 3, 2021) – Sa araw na ito, si Mayor Patrick Brown, sa ngalan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, ay inanunsyo na ang battery electric buses (BEBs) ay tatakbo na sa Brampton simula Mayo 4.

Ito ang magiging pinakamalaking single global deployment hanggang sa ngayon ng isinapamantayan at ganap na interoperable na mga BEB at high-powered overhead on-route charging systems, bilang bahagi ng Pan-Canadian BEB Demonstration and Integration Trial.

Sumali ang Brampton sa TransLink at York Region Transit nitong una sa daigdig, multi-city deployment na ganap na interoperable na mga bus at mga charging system sa pakikipagtulungan sa Nova Bus, New Flyer Industries, ABB Inc., Siemens Canada, at Newmarket-Tay Power Distribution Ltd. Inilunsad ng Canadian Urban Transit Research & Innovation Consortium (CUTRIC) ang proyektong ito noong 2017. Ito ang magiging una sa mundo kung saan ang mga sasakyan at mga charger mula sa iba-ibang mga manufacturer ay pwedeng magamit sa ganap na interoperable na uri, ibig sabihin pwede silang mag-plug sa charging infrastructure ng isa't isa para makapag-charge.

Ang deployment ng Brampton ay naiiba mula sa mga deployment sa ibang mga lungsod kung saan ang mga bus ay pwede lang i-charge sa itinalagang mga charging depots. Ang depot ng Brampton at ang mga opsyon sa pagtsa-charge sa daan ay nagpapahintulot sa dagdag sa araw-araw na mga hanay ng pagbibiyahe sa mga de-kuryenteng bus.

Ang breakthrough na ito sa teknolohiya sa de-kuryenteng bus ay susuporta sa zero tailpipe emissions at babawas sa polusyon. Makakamit ng mga bus ang halos zero emissions sa kanilang lifecycle, isang mahalagang pagbaba sa mga emission mula sa mga katumbas ng krudo. Ang bawat bus ay maaaring ganap na mag-charge nang hindi aabot sa 10 minuto.

Magdadagdag ang Brampton Transit ng walong BEB sa fleet nito, dalawa mula sa Nova Bus at anim mula sa New Flyer. Ang mga BEB ay pasisimulan sa serbisyo sa Mayo 4, simula sa Route 26 Mount Pleasant, at susundan ng Route 23 Sandalwood. Apat na high-powered (450 kWh) overhead pantograph on-route charging stations ang ininstalla sa Mount Pleasant Village terminal, sa Queen Street/Highway 50 Züm station, at sa Sandalwood Transit Facility, tatlo mula sa ABB Inc. at isa mula sa Siemens Canada Ltd.

Sa loob ng itatagal ng proyekto ng Brampton, ang lahat ng BEB at mga charger ay magkakaroon ng bagong disenyo ng brand, walang katulad mula sa iba pa sa fleet.

### **Background**

Noong 2019, si Honourable Catherine McKenna, sa panahong iyon ay ang Minister of Environment and Climate Change, [ay nag-anunsyo](#) ng \$11.15 milyon tungo sa unang yugto nitong pilot na proyekto, na magkakahalaga ng tinatayang \$16 milyon sa kabuuan. Ibinigay ang pondo ng Pederal sa pamamagitan ng [Low Carbon Economy Fund](#) ng Environment and Climate Change Canada at [Green Infrastructure – Electric Vehicle Infrastructure Demonstration Program](#) ng Natural Resources Canada.

Committed ang Brampton Transit sa pagtataguyod ng bago at inobatibong mga solusyon para makapagbigay ng de kalidad na serbisyo na nagbabawas sa pangkalahatang carbon footprint at greenhouse gas (GHG) emissions ng Lungsod. Ang Brampton Transit ay kasalukuyang nagpapatakbo ng 450 bus sa fleet nito, kabilang ang 133 diesel-electric hybrid Züm bus rapid transit na mga bus.

**Mga Quote**

“Nananabik akong ianunsyo ang paglulunsad ng mga de-kuryenteng bus sa mga daan ng Brampton simula Mayo 4. Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod, at ito ay isang mahalagang milestone sa pagiging sustainable para sa ating komunidad. Ipinagmamalaki natin na makipagtulungan sa CUTRIC, sa ating mga partner sa proyekto at sa mga lider sa inobasyon para sa Pan-Canadian Battery Electric Bus Demonstration and Integration Trial sa Brampton. Ang proyektong ito ay una sa mundo, at dagdag na magpapahusay sa ating transit network, na isa sa mabilis na lumalaki sa Canada.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang deployment ay ginagawang pugad ang Canada ng inobasyon sa de-kuryenteng bus. Ang paglago ng Pan-Canadian Electric Bus Demonstration and Integration Trial sa matagumpay na deployment ng Lungsod ng Brampton sa taon na ito ay nakakatulong sa pagtiyak na ang mga ahensya ng transit, mga lungsod at ang pamahalaang pederal ay makakuha ng sulit na balik ng kanilang pera sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanila na pumili mula sa sari-saring mga kakumpetensya kanino ang mga system ay magkasamang gumagana. Ang proyektong ito ay nagpalipat sa buong industriya tungo sa interoperability at standardization. Ito ay isang magandang balita para sa mga nagbabayad ng buwis at para sa mga rider ng transit. Ang proyektong ito ay lumilikha rin ng bagong mga trabaho sa mababang carbon na enerhiya at naghikayat ng direktang pamumuhunan ng dayuhan sa pamamagitan ng malalaking kumpanya sa Brampton, Ontario at Canada, na higit na napakahalaga magpakailanman habang nagsisikap tayo na makabangon mula sa pandemya ng COVID-19.”

- *Josipa Petrunic, Presidente at CEO ng CUTRIC*

“Ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagbabawas sa carbon footprint ng ating lungsod. Tayo ay nasa isang paglalakbay para bawasan ang greenhouse gas emissions na nalikha sa Brampton ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050. Hinihikayat ko ang lahat na bantayan ang mga daan para sa unang de-kuryenteng bus ng Brampton na magsi-save ng tinatayang 235 tonnes ng CO2 kada taon, kada bus!”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Inaprubahan kamakailan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang updated na Brampton Grow Green Environmental Master Plan para sa ating lungsod, at sinusuportahan ng mga de-kuryenteng bus ang misyon na ito para sa mas luntiang lungsod. Ang Pan-Canadian Battery Electric Bus Demonstration and Integration Trial ay makakatulong na mabawasan ang ating ambag sa pandaigdigang climate change at hikayatin ang ibang mga munisipyo na mamuno sa mga inisyatiba.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod Wards 2 at 6; Miyembro, Environment Advisory Committee; Miyembro, CEERP Community Task Force, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay lider sa pagiging sustainable, at ito ang unang hakbang sa pagsasakuryente ng fleet ng Brampton Transit. Committed tayo sa pagpapa-improve sa transit at mga oportunidad sa aktibong

transportasyon, tumutuon sa katipiran sa enerhiya, at naghahatid ng inobatibong mga teknolohiya sa Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga Canadian ay naghahanap ng mas luntiang mga opsyon para makapunta sa kung saan nila kailangang pumunta, kaya iyan ang ibinibigay natin sa kanila. Ang pilot na proyekto na de-kuryenteng bus ng Lungsod ng Brampton ay isang halimbawa ng inobatibong mga solusyon sa malinis na teknolohiya na makakatulong sa atin na makakuha ng net-zero.”

- *Honourable Seamus O'Regan Jr., Minister of Natural Resources*

“Ang pagtulong sa mga residente na makarating sa paroroonan nang mas mabilis, mas malinis at mas abot-kayang paraan ay ang layunin ng ating pamumuhunan sa zero-emission na mga bus. Ang paglulunsad sa araw na ito ay isang mahalagang milestone tungo sa ambisyosong mithiin na bawasan ang mga emission ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050, at tungo sa commitment ng pamahalaan na magdagdag ng 5,000 zero emission na mga bus sa loob ng 5 taon. Susuporta ito sa mga trabaho ng Canadian, haharap, sa climate change, at bubuo ng mas malinis, mas nagsasalang mga komunidad.”

- *Honourable Catherine McKenna, Minister of Infrastructure and Communities*

“Ang gawing de-kuryente ang sektor ng transportasyon ng Canada ay naghahandog ng malaking mga pagkakataon sa ekonomiya habang umaambag sa mas malinis na hangin at nabawasang carbon emissions habang umaabante tayo sa net zero bago lumipas ang 2050. Ang Lungsod ng Brampton, sa suporta ng pederal, ay nagniningas sa daan, at ipinapakita sa mga Canadian ang praktikal na mga benepisyong mula sa transisyon tungo sa isang ekonomiya sa mababang carbon na narito na.”

- *Honourable Jonathan Wilkinson, Minister of Environment and Climate Change*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.**

Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin.

Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat

natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang

paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa

[Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIKA NG LUNGSOD NG BRAMPTON**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA NG NATURAL RESOURCES  
CANADA**

343-292-6100  
[nrcan.media.rncan@canada.ca](mailto:nrcan.media.rncan@canada.ca)

**KONTAK NG MEDIA NG OFFICE OF THE MINISTER OF  
NATURAL RESOURCES**

Ian Cameron  
Press Secretary  
613-447-3488  
[Ian.Cameron@canada.ca](mailto:Ian.Cameron@canada.ca)

**KONTAK NG MEDIA NG CUTRIC**

Grace Reilly  
Government & Public Relations Officer  
514.244.3244  
[grace.reilly@cutric-crituc.org](mailto:grace.reilly@cutric-crituc.org)